

Semanario de conocimientos útiles, disposiciones oficiales é intereses de Filipinas.

Precios de suscripción: En Manila. Una peseta almes. En Provincias; 2, reales y 6 cuartos adelantado. Anuncios á 4 cuartos línea.

Oficinas: Intramuros Calle Real, 5 (librería).

# LA LECTURA POPULAR

Director,

ISABELO DE LOS REYES

Editor propietario,

JOSE DE JESUS Y ROSARIO

Periodicong lingobang lalabas na paglalagyan ng mga hatuocol sa paglayo sa ipagcacasaquit, pangagamot, pagsasacang, ayon sa hatol ng marurunong, mga leyes at cautusang ipinahahayag sa *Gaceta*, balita sa iba.t, ibang lugar, at iba pang dapat paquinabangan. Lalabas ng 4, 7, 16, 22, at 31 ng buan.

## SUMARIO:

El nuevo remedio contra la tisis;—Las fiestas de Ocaña;—La evolución;—Humoradas;—Noticias;—Anuncios.

## CABUOAN:

Bagong pangamot sa natutuyo;—Ang fiesta sa Ocaña;—Ang panunubo;—Sari-sari;—Manga balita;—Anuncios

## EL NUEVO REMEDIO CONTRA LA TISIS

El doctor Lannelongue ha advertido al corresponsal del *Times* que no se trata del descubrimiento de un nuevo remedio ó linfa curativa, sino de un nuevo procedimiento para aplicar un antiséptico infalible, que destruya ó por lo menos paraliza la acción de los bacilos ó anula casi completamente sus efectos. El estudioso médico ha estado experimentando su método durante dos años, no ha observado ninguna anomalía que le desconcertara y todos los enfermos tratados se encuentran libres del padecimiento que muchos juzgaban ya mortal.

Esos experimentos y resultados se refieren únicamente al tratamiento de la tuberculosis externa, y considerándolos decisivos, el doctor Lannelongue se dedica desde hace algún tiempo á tratar por el nuevo método á personas que padecen tisis ó tuberculosis pulmonar.

Aún no da por terminados los ensayos, mas el actual estado de los enfermos que ha sometido al tratamiento le permite ya afirmar que el resultado obtenido en ellos con el cloruro de zinc será tan satisfactorio como el obtenido en los que padecían tuberculosis externas.

La introducción de la sustancia antiséptica es operación fácil, y mucho menos penosa cuando emplea contra la tisis pulmonar.

Mr. Lannelongue afirma que ha practicado varias inculaciones en enfermos jóvenes sin que apenas se dieran éstos cuenta del echo.

Como la sustancia empleada, el cloruro de zinc, es completamente inofensiva, no

## BAGONG PANGAMOT SA NATUTUYO

Ipinanaua ng doctor Lannelongue sa Corresponsal ng *Times*, na ang caniyang guinagada ay di isang bagong lic-ha ó cagamutang pangpagaling, cundi isang bagong paraan ng pagcacapit ng isang daquilang panupil sa pagcatuyo, panupil na lumilipul ó nagpapahina sa saquit ng baga ó niuualang halagang anoman ang paninira ng naturang saquit. Dalawang taong pinaquiquimatiagan ng masipag na médico ang caniyang palacad ay di macatagpu ng anomang pagbabago na icaliligao niya at lahat ng hinauacan niyang may saquit ay naligtas ng madla.

Ang mga paquiquimatiag na iyan at pangyayari ay sa mga saquit lamang sa labas guinamit, at ng ariing magaling, ang doctor Lannelongue ay humambing mula pa niyong dacong una sa pagcacapit ng bagong palacad sa mga tauong natutuyo.

Hanga ngayo, i, di pa natatapus ang pag-aaral, ngunit, sa casalucuyang lagay ng mga may saquit na caniyang guinamot, ay mapatutuhanan na niyang na ang naguing buaga noon at ng cloruro de zinc ay lubhang mabuti na paris ng tinamo sa mga saquit sa labas ó sarot.

Ang pagpapatim ng caniyang gamot ay lubhang magaan lalong, at, cing sa saquit sa loob gagamitin.

Pinatutuhanan ni Mr. Lannelongue na parang ualang anoman halos sa mga quincabaatang may saquit cing piuasasalisig ang gamot.

Sapagca, t, ang cloruro de zinc ay hindig hindi macasasama, caya di maaaring macaano naman sa lugar na ualang saquit, at saca ang



es posible que se produzca una reacción peligrosa en el resto del organismo, y el método ofrece la seguridad más completa.

Estas afirmaciones son tanto más importantes cuanto que muchos médicos han declarado al citado corresponsal que el doctor es hombre incapaz de afirmar nada que no sea completamente correcto.

Ha consultado á varios médicos. Todos ellos conceden gran valor al sistema del doctor Lannelongue y le consideran como un método ingenioso y atrevido, llamado á dar resultados y que constituye un gran paso para la curación de la tisis, sin que haya de ser tenido por uno de esos descubrimientos soñados por el doctor Koch, capaces de hacer desaparecer una afección muy extendida. De todas maneras el nuevo método es un triunfo de la ciencia y patentiza que ésta no es impotente contra una de las más implacables enfermedades que afligen á la humanidad.

Hablando del doctor Lannelongue ha dicho el doctor Labbe, cirujano mayor del hospital Beaujon: «Entre todos nosotros el doctor Lannelongue tiene reputación de tenaz y es bien conocido como hombre laborioso y digno de crédito. Nada anuncia sin la sanción de detenidos estudios y experimentos. Por lo mismo ha sido recibida con la mayor confianza por la Academia de Medicina la comunicación que acaba de hacer con relación á los tres aspectos, técnico, experimental y clínico. Su descubrimiento y su método son tan sencillos que á mi parecer más de uno entre nuestros colegas estará dispuesto á exclamar: ¿No es más que esto? Pero precisamente esa pequeña cosa era la que nos faltaba encontrar y la que con su sencillez agranda tanto el descubrimiento.»

Un especialista en el tratamiento de la tuberculosis de la laringe, el Dr. Poyet, ha encomiado también sin reservas las cualidades y aptitudes del Dr. Lannelongue, y después de declarar que el cloruro de zinc ha sido aplicado hace años en ciertas circunstancias, prosiguió: «Más endurecer el tejido tuberculoso empleando un procedimiento distinto del de la cauterización y haber hallado en el cloruro de zinc ese agente, dotado de propiedades poderosas y nada cáustico, eso constituye realmente el descubrimiento que el profesor Lannelongue ha agregado ahora á sus varios y admirables trabajos.»

paraan ay lubhang na paaasa sa cagalingan.

Ang mga pagpapatunay na ito ay lalo ng nagtibay ng sabihin ng madlang médico sa naturang corresponsal na ang doctor Lannelongue ay di macapagpapatotoo ng anomang may cahit camalian.

Nagtanong sa madlang médico. Itinutulot nilang lahat ang daquilang halaga sa paraan ng doctor Lannelongue at itinuturing nilang isang marunong at mainam na palaead, taang magpabute at isang matuling pamucsa ng saquit na tisis, cahit di cabilang diyan sa mga lic-hang napangarap ni doctor Koch, na macasapula ng talamac na pagcagulat. Ano mang sabihin ang bagong palaead ay isang paguauagui ng carunungan at pinagtibay na ito, hindi ualang magagaua sa mababangis na saquit na nagpapahirap sa sangcatauhan.

Tungcol cay doctor Lannelongue ang cirujano mayor sa Hospital ng Beaujon ang doctor Labbe ang nagsabing: «Sa ating lahat si doctor Lannelongue ay bantog na masigasig at tauong lubhang qulala sa casipagan at carapat-dapat paniualaan. Ualang ipinahayag na di isinangag muna sa taimtim na pagaaral at paquiquimatiag. Caya ngat tinangap ng boong tiuala sa Academia ng Medicina ang pagbibigay alam na caniyang guinana tungcol sa tatlong calagayan, na paham sa pangungusap, masiyasat at mapractica. Ang caniyang natuclas gayondin ang caniyang palaead ay lubhang magaan na sa acala co, di lamang tisa sa ating mga casamahan ang mapapasigao ng ganito. ¿Ganito ba lamang? Datapua't, ang callitan ng bagay na iyan ang di natin natagpuan at ang cagaanan ay siyang nagpapahalaga sa caniyang pagcatuclas.»

Isang tanging mangagamot ng saquit sa lalamunan, na si D. Poyet, ay itinaniag din namang ualang tacot ang madlang cagalingan at carapatan ng Dr. Lannelongue, at ng masabi nang ang cloruro de zinc ay malaon ng guinagamit sa ilang calagayan, ay nagpatuloy ng ganito: «Nguni't, upang tumigas ang mga sangcap ng catauang sinasactan ay gumamit ng isang paraang caiba sa mga guinagaua ng mga instrumento ó sangcapan at sa pagcatagpu sa cloruro de zinc niyang bisa na may malaquing capangyarihan at di nacasasaquit, ay iyan ang tunay na nagpapatotoong ang natuclas ni Dr. Lannelongue ay nagdagdag ngayon sa madla at cahangahan niyang gaua.



## LAS FIESTAS DE OCAÑA

(De *La Voz de España*)

Salí para aquel pueblo el día 26 á las 4 de la tarde: en el mismo tren iban muchos sacerdotes que deseaban presenciar las fiestas. (1)

Cuando llegamos al Colegio, allí se nos destinó á Emmanuele y á mí á una magnífica celda, la número 2 del piso bajo, y cuyo mobiliario consistía en los siguientes bártulos:

Dos camas de soldado, duritas y con sábanas de franela; Una mesita de pino. Una silla; Un palanganerillo bastante inferior; Dos ruedos. Ni espejo, ni en la pared otra cosa que dos imágenes de Ntra. Señora del Rosario.

Francamente, viendo esto, y probándolo, ¿verdad que dan ganas.... de no meterse á fraile?

Invité á Emmanuele á que me acompañase á ver el Colegio.

Yo me le sé de memoria, otra vez que estuve en Ocaña, hace ya seis ú ocho meses.

—Son, le dije, las 7 de la noche: pronto la comunidad acudirá al refectorio: venga Vd. á verlo antes de que la comunidad entre, porque entonces no podríamos entrar nosotros.

Y vió, ó mejor dicho, vimos el refectorio: mesas sin mantel; cubiertos de palo; el agua, en toscas jarras.... ¡cuánta pena da ver aquel comedor!

—Ahora véngase á la cocina: y verá Vd. los *manjares* con que se deleitan estos Dominicos.

Fisgoneamos en la cocina, y allí vimos que por toda cena había unas alubias... y nada más.

Era tiempo de ayuno.

Es de advertir que yo estuve en Ocaña en ocasión en que era el único seglar que había en él: allí hice vida de fraile.... hasta cierto punto. Yo no comí como ellos, sino mejor; ni dormí como ellos, con hábito puesto; ni me levanté á las 4 de la madrugada: ni fui á coro las veces y por el tiempo que ellos, etc. Pude, sí, observarles á placer; y juro que salí profundamente conmovido de aquella mansión. ¡Qué silencio!.... ¡Qué orden! ¡Qué reglamentación en todo!.... Sólo una hora al día

(1) Suprimimos algunos párrafos menos interesantes por no disponer de mucho espacio.

## ANG PISTA SA OCAÑA

*Sinipi sa «Voz de España»*

Niyong 26 á las 4 ng hapon ay tumungo aco sabayang yaon: marami acong nacacay na pari sa tren na magsisipanood din ng casayahan. (1)

Nang dumating cami sa Colegio, si Emmanuele at aco ay binigian ng isang mariquit na cuarto, ang núm. 2 sa dacong ibabá na ang mga casangcapan ay eto:

Dalauang hihigang sundalo, sacdal tigas at franela ang cumot;

Isang maliit na mesa;

Isang silla;

Isang palanganang gágailong;

Dalauang banig na ganga pañó,

Ualang salamin, ni anoman sa pader cundi dalauang laruan ng Ntra. Sra. del Rosario.

Ang totoo,i, cung maquitat, maticman ang gayon, mauaualan ng gustong.... masoc sa fraile?

Si Emmanuele ay aquing niyayang samahan acong dumalao sa Colegio.

Natatandaan cong magaling ng minsang aco,i, mapasa Ocaña na may anim ó ualo nang buan.

At naquita niya, ó lalong mabute, naquita namin ang cacanan mga mesang ualang mantel; cahoy ang cubiertos; ang tubig ay na sa magagaspang na saro.... cahabaghabag tingnan ang cacaning yaon!

—Halina ngayon sa cocina at maquita ninio ang mga pagcaing pinang hayucan ng mga Dominicong ito.

Sinalicsic namin ang cocina at dito,i, ualang iba caming naquitang hapanan cundi ilang gulay.... at ualá na.

Noo,i, panahon ng pagcocolacion,

Dapat ipatantong aco,i, sa sa Ocaña ng panahong aco lamang mag-isa ang di pareng deroon: doon ay nabuhay acong parang fraile..... ng boong macacaya. Higuít sa canila ang aquing pagcain; hindi aco natulog na paris nilang soot ang hábito; dili aco bumañgon ng madaling arao: di aco dumaló sa coro sa panahon at tuitui nang ipinaparou nila, etc. Sila, ay, pinagmamasdan co hangang mainaman; at aquing isinusumpa na lumabas acong tiguib ng aua sa lugar na yaon. Tahimic na tahimic!.... ¡Ayos na ayos! Sa ano-

(1) Inialis namin ang ibang parrafong di lubhang cailangan upang huag pahaba



y esta hora escasa, pueden hablar. ¡Dios mió!—pensaba yo—imposible que yo fuese Dominico: En una de estas ocasiones entré yo; y logré quedarme en la celda de uno de los Lectores, hasta que ya «los chicos» (como yo les llamo) estaban dentro. Por gracia especialísima conseguí que me presentasen varios en la celda aquella.... Prévia vénia del P. Lector, les dirigí un discursillo: híciles una pintura de lo que es Filipinas por adentro, y de lo que allí trabaja el misionero.... ¡cuánto les alegraba oírme!....

El P. Cueto estaba intensamente emocionado: cuando entró en la iglesia parecía cadáver: tal era la palidez del semblante: yo le observé con toda la intensidad de mi alma, y como le profeso veneración, como le tengo cariño inmenso.... no pude remediarlo: lloré.

Terminada la ceremonia, corrí á Telégrafos, para ganar por la mano á otros periodistas y fui el primero que transmitió á Madrid la noticia de la consagración.

Cuando regresé, sudoroso, jadeante, estaban comiendo.

Yo comí abajo.

W. E. RETANA.

(Continuará.)

## LA EVOLUCION

Las naciones son como las plantas. La robusta encina no adquirió su grueso tronco y su abundante ramaje en un sólo instante. Dios, con ser todopoderoso, no hace árboles de ese modo. Desde que la planta se hallaba en embrión, encerrada en la bellota, hasta que llegó á ser el gigante de los bosques, hubo de transcurrir mucho tiempo, y el crecimiento fué tan gradual, que los ojos del hombre no podían percibirlo.

También puede compararse las naciones a los hombres. Se dice que Alfonso XIII, el actual rey niño de España, que solo tiene seis años de edad, se queja con impaciencia por que no tiene ya la talla de hombre hecho y no puede ostentar bigote. Pero muy mal que le agrada y por mucho que hombree, S. M. tendrá que

mang gagauin ay may regla!.... Isa lamang sa maghapon ang maipaguusap nila at dahop pa ang oras na ito. ¡Dios col—ang aquing naisipan—hindi aco macapagdominico.

Isa sa madlang pagcacataon ay nacapasoc aco at nalagac na sangdali sa cuarto ng isa sa mga Lectores, hangang sa «ang m a bata» (paris ng tauag co sa canila ay nasasaloob na. Sa catangitangiang pahintulot ay aquing tinamong macaharap ang madla sa cuartong yaon.

Sa pamamaguitan ng pahintulot ng P. Lector nagbitiu aco sa canila ng isang sermon sermonan: ¡sinaysay co sa canila ang loob ng Sangcapuluan; gayondin ang guinagana roon ng mga misionero.... ¡laquing galac nila ng pagdingig sa aquin!

Noo.i, hanbal na hambal si P. Cueto; anaqui bangcay ng masoc sa simbahan; gayon ang pamumutla ng muc-ha: siniyasat co siya ng boong calulua, at sapagca,t, aquing iguinagalang, pagca,t, siya,i, pinacamamahat co..... di co mailagan: umiyac aco.

Pagcatapos ng ceremonia ay tumacbo aco sa telegrafos upang huag maunahan ng ibang periodista at aco nga ang unang nagpabalita sa Madrid ng pagcoconsagra.

Sila,i, nangagsisicain ng bumalie acong basa ng paus at humahangos.

Cumain aco sa silong.

W. E. RETANA.

## ANG PANUNUBO

Ang mga bayan ay paris ng halaman. Hindi capagdaca,i, matayog at mayabong ang manga. Bagama,t, ang Dios ay macapangyarihan, ay diliguinawang gayon ang mga cahoy. Ang cahoy mula pa sa binhing nababalot ng ipa, hangang patayogtayog sa bundoc, ay marami munang panahong lalacarau, at inot-inot ang paglaqui na di naquiquita ng mata.

Maipaparis din naman sa tauo ang mga naciones. Di umano,i, si Alfonso XIII ang casalucuyang haring bata sa España na may anim na taóng edad lamang, ay caninip na cunq baquit di siya,i, maguing malaqui agad at magcabitote. Nguni,t, cabit niya icatua at palaqui mang agad, ang cagalang-galang na hari ay magpapaparaan muna ng maraming taón bago masunod ang caniyang nasa. Ga-



aguardar muchos años antes de ver realizados sus deseos. Los pueblos también tienen que pasar gradualmente, de la infancia á la adolescencia y de la adolescencia á la edad adulta. Hé aquí el desarrollo, hé aquí la evolución.

Y la evolución es en todas las cosas el método de Dios. La ciencia nos dice—y en esto no está en pugna con las enseñanzas de las Sagradas escrituras, como algunos pretenden—la ciencia nos enseña que el mundo no procedió del *fiat* del Supremo Hacedor tal cual lo vemos hoy; que para que llegara á servir de morada al hombre, hubo de estar sujeto á un prolongadísimo procedimiento de desarrollo y adaptación. Esto en cuanto á lo físico. En cuanto á lo moral, nuestro Señor Jesucristo enseñó que su reino era como el grano de mostaza que siendo la más pequeña de las semillas, germina y crece hasta hacerse la más grande de las legumbres. Empezando con un puñado de hombres sencillos é iliterados, ese reino se ha ido extendiendo de pueblo en pueblo y de nación en nación hasta dominar con sus santas doctrinas todo el mundo civilizado.

Nadie se imagine tampoco que, porque defendemos la evolución, abogamos por la inacción.

Nó, no somos partidarios del *laissez faire*, cuando se aplica á los negocios públicos; ni creemos, como cierto estadista italiano, que *il mundo va de se*. La evolución es algo muy distinto de la estancación ó de la inercia. Donde faltan la acción y el movimiento, no puede haber desarrollo. Para que el árbol crezca es necesario plantarlo en propicio suelo y darle aire, luz, calor y riego. Para que el niño se desarrolle, es preciso satisfacerle constantemente mil y mil necesidades.

Para que los pueblos lleven adelante la obra de su desenvolvimiento, fuerza es que los verdaderos patriotas trabajen incansablemente para darles ideas claras y verdaderas de sus derechos y sus obligaciones, para mostrarles lo que son y lo que pueden ser, para señalarles el camino que han de seguir á fin de llegar á sus altos destinos, para contenerlos cuando ven que van ciegamente á lanzarse en el peligro, para animarlos siempre que se apodere de ellos el desaliento, en una palabra, para influirles altas aspiraciones y ponerlos en ap-

yondin naman ang mga bayan cailangang magdaan munang unti-unti sa camusmusan bago maguing binata at maguing binata bago maguing mataunda. Eto ang pagyabong, eto ang panunubo.

At ang panunubo ay siyang palacad nang Dios sa lahat ng bagay. Sinasabi sa atin ng carunungan—at ito, i, di nalalaban sa maugaring ng Daquilang casulatan, paris ng ipiaipilit ng iba—itinuturo sa atin ng carunungan na ang mundo, ang lahat bagang bagay ngayon, ay di nangaling sa *fiat* (pagcauica, i, lumabas) ng cumapal paris ng aniong naquiquita natin ngayon; na upang maguing tahanan ng tauo ay nauna napacalaong paglaqui at pagcacalapit. Ito, i, tungcol sa maugaring bagay na may catauan. Tungcol sa moral, ay itinuro naman ng ating P. Jesucristo na ang caniyang caharian ay paris ng buto ng mustaza, na cahit maliit sa lahat ng binhi ay sumisibol at luma-laqui hangang sa luhuan ng lahat ng gulayin. Sinimulan sa mga tulala at di paham na ilang catauo, ang caniyang caharian ay lumaganap sa bayan-bayan at iba, t, ibang nacián hangang sa masupil ng mga santo nilang aral ang boong mundong may pinag-aralan.

Huag din nauang uariin ng sinoman nangaya, t, ipinagmasaquit namin ang panunubo ay amin namang ipaglalaban ang di pagtinag.

Hindi, cami di cacampi sa mga nag-iintay lamang cung icacapit sa mga bagay ng bayan; di cami umaayon, sa sinasabi ng isang italiano, na ang mundo ay lalacad na magisa. Ang panunubó ay nangingiba sa pagcapiquil ó di pagtinag. Doon sa di tumititag at di, gumagalao ay di magcacaron ng paglago. Upang yunabong ang cahoy ay cailangan itanim sa matabang lupa at biguian ng hangin, liuanag, iait at dilig. Upang lumaqui ang bata ay cailangan sunding palagui ang libo-libo niyang cailangan.

Upang maitagpus ng mga bayan ang caniyang pagyatong, ay cailangang magtrabahong walang licat ang mga tunay na umiibig sa canila upang ipatari sa canila ng boong linan at catutuhanan ang mga catuiran at mga catungculan, upang ipaquilala sa canila ang calagayan at ang cahihinatnao, upang ituro sa canila ang lundas na dapat tuutunin upang macarating sa mga daquila nilang hanga, upang piguilin cung dumadaluhong na parang bulag sa panganib, upang patapangin cung si



titud de realizarlas. Todo esto requiere una labor más grande; pero de resultados positivos.

CARLOS BRANSBY.  
(Colombiano.)

Los Angeles (California) agosto de 1891.

### HUMORADAS

Hay quien pasa la vida  
En ese eterno fuego  
De hacer caer á la muger, y luego  
Rehabilitar á la mujer caída,

Preguntas ¿qué es amor? es un deseo  
En parte terrenal y en parte santo:  
Lo que no sé expresar cuando te canto:  
Lo que yo sé sentir cuando te veo.

Absorto en ti mi deseo  
Tan solo en tu amor creí;  
Pero ahora en nada creo.  
Desde que no creo en ti.

*Campoamor.*

### Noticias

*Telegrama de El Comercio.*

El Sr. Ministro de Ultramar ha llevado al Consejo de Ministros la anunciada reforma sobre la instruccion primaria en esas islas.

La reforma comprende la creacion de escuelas en todos los barrios importantes, que serán regidas por maestros de enseñanza elemental.

Se ordena la creacion de siete colegios en provincias donde se pueda cursar la pedagogia.

La Escuela Normal para mujeres se establece en Manila á cargo de Hermanas que tengan título.

Se amplía la actual Escuela Normal de maestros á cargo de los PP. Jesuitas y se cursará en ella la enseñanza para obtener el título de maestros de enseñanza superior.

Se aumenta el sueldo que en la actualidad disfrutaban los maestros.

Han sido nombrados:

D. José García de la Fox, administrador de Hacienda de Pangasinán.

nasalacay ng panglulumo, sa madaling sabi, upang patimmin ang mahahalagang nasa at bigian ng carapatan sa icagaganap. Ang lahat na ito,i, nagcacailangan ng isang matiagang sicap; datapuat tunay na mang-yayari.

### SARI-SARI

May mga lalaquing ang laquing libangon puri ng babayi ay inihahapay cung matapus ito,i, ibabangon naman ng boong calinga ang dati ng bual.

Itinatanong mo kano ang pag-ibig? nais na may bagay sa lupa at sa langit cung inasuit ca,i, di co mauulit nararamdaman co capag icao,i, namasid.

Nang sa iyo masilid ang boo cong nasa sa sinta mo lamang aco catinala nguni,t, ngayon nama,i, di naniniuala sa lahat buhat na ng iyong madaya.

### Mañga balita

*Telegrama ng «El Comercio.»*

Dinala ng Ministro de Ultramar sa Consejo de Ministros ang ibinabalitang pagbabagong palacad tungcol sa pagtuturo sa mga bata dian sa Sangcapuluan.

Tinataglay ng palacad ang paglalagay ng escuelaan sa mahahalagang barrio, na pamamahalaan ng mga maestro ng bagong pag-aaralan.

Ipinaguutos na maglagay ng pitong Colegio sa mga provincias, na dito,i, pag-aaralan ang *pedagogia*.

Ang Escuela Normal ng mga babae ay ilagay sa Maynila at pamamahalaan ng mga Hermanang may título.

Payayabungin ang casalucuyang Escuela Normal ng mga maestros na pinamamahalaan ng mga Jesuitas at doo,i, pagaaralan ang quincailangan upang tamuhin ang título ng maestro superior.

Daragdagan ang sueldo ng mga maestros. Nanangahal:

Administrador ng hacienda sa Pangasinan si D. José García de la Fox.



D. Antonio Chápuli y Navarro, secretario del Gobierno civil de Nueva Ecija.

D. Florencio García Goyena, abogado fiscal de la Audiencia de Manila.

D. Miguel Rodríguez Berriz, juez de Pangasinan.

*Moham.*

—Ha llegado el electo Gobernador General de estas Islas el Excmo. Sr. D. Eulogio Despujols y Dussay. Conde de Caspe y Teniente general, á quien tenemos el honor de saludar respetuosamente, presentándole nuestra adhesión.

—En la fotografía de Piñón, situado en la plaza del Conde, núm. 2, á la bajada del puente de Binondo, se verá expuesto, desde las ocho de la mañana hasta las ocho de la noche, un niño de dos años y meses natural de Catbalogan (Samar).

Es curioso por tener una cara en el vientre, que presenta bastante parecido con la de la cabeza.

Es un fenómeno que llamará la atención de cuantos le vean. El Sr. Piñón lo exhibirá al que lo solicite por 16 cuartos cada persona.

—Se ha dispuesto la creación de 9 escuelas de ambos sexos en las rancherías de Amburayan; una de niños y otra de niñas, en la comandancia de Quiangan; otra de niños en el barrio de Cubal, comprensión de Agoó; una de niños y otra de niñas en el de Maimbang, comprensión de Porac (Pampanga); una id. de ambos sexos en el barrio de Managat ó Pulsot, comprensión de Cauayan, (Ilocos Sur)

—Según hemos oído decir, lo ocurrido hace algun tiempo en Mindoro, fué que veintitantos, malhechores, salieron de la jurisdicción del pueblo de Balayan (Batangas), embarcados, con intención de dirigirse á Calamianes para dar un asalto; mas en la costa de Mindoro, entre los pueblos Irirun y Sanglayan, naufragaron; entonces se encaminaron á una hacienda situada cerca del primero de dichos pueblos, robando en ella cuanto hallaron á mano; despues se dirigieron Irirun y robaron cuanto pudieron, permaneciendo allí cuatro ó cinco dias entregados al pillaje, aunque asistiendo á misa, cuando se celebraba, sin perjui-

Secretario ng Gobierno civil sa N.a Exija si D. Antonio Chápuli y Navarro.

Abogado fiscal ng Audiencia sa Maynila si D. Florencio García Goyena.

Juez sa Pangasinan, si D. Miguel Rodríguez Berriz.

—Dumating ang hirang na Gobernador General ng Sang-capuluang ito, ang cagalang galang na guinoong si D. Eulogio Despujols y Dusay, Conde de Caspe at Teniente general, niyuyucuran namin ng boong paggalang at carangalang, inilalaquip namin ang paqui-quisa.

Sa fotografia ni Piñón, sa plaza ng Conde, núm. 2, sa pagbabá ng tulay ng Binondoc, ay ipinatatao mula sa las 8 ng umaga hangang las 8 ng gabi. ang isang batang lalaqui na dalauang taong mahiguit ang edad, tubo sa Catbalogan (Samar).

Catuatuang panoorin dahil sa muc-hang na sa tiyan, na lubhang cauagqui ng sa ulo.

Isang himalang pagtatachan ng sino mang tumingin. Ipinatatao ni Sr. Piñón sa balang ibig macaquita cang magbabayad ng labing anim na cuarta baut tauo.

—Pinasiya ang maglagay ng siyam na escuela ng babae, lalaqui sa mga rancheria ng Amburay; isa sa mga batang lalaqui at isa sa mga babae sa comandancia naug Quiangan; isa pa sa mga batang lalaqui sa barrio ng Cubal, sacop ng Agoó; isa sa mga batang lalaqui at isa naman sa mga babae sa Maimbang, sacop ng Porac (Pampanga); at isa pa sa mga babae, lalaqui sa nayon ng Managat ó Pulsot, sacop ng Cauayan (Ilocos Sur.)

—Ayon sa dinig namin, ang nangyari sa Mindoro ng mga ilang panahon, ay ang mga tulisang mahigit sa dalauangpu ang bilang, ay nagsipamangcang nanulacan sa Balayang (Batangan) at tumungo sa Calamianes sa adhicang lumoob; nguni, nangalubog sa guildid ng Mindoro sa paguitan ng Irirun at Sanglayan; sa magcagayo, i, piqueta ang isang haciendang malapit sa una ng nangaturang bayan, at ninacau ang balang mahaguilap; pagcatapus ay nagsipasoc sa Irirun, ninacau ang mananacau, tumira roong apat ó limang arao na ualang guinaua cundi casaragatihan, cahit nangag-sisimba cang may misa na di nacahadlang



cio de haber obligado al Reverendo párroco á entregarles el dinero que poseía. Posteriormente se encaminaron á Naujan y continuaron su serie de rapiñas pero los cuadrilleros en este pueblo sostuvieron un combate con los malhechores, consiguiendo obligarles á retirarse é impidiéndoles quemar la casa tribunal, cual parece deseaban. Los foragidos se internaron en el monte y en el se estuvieron hasta que llegó á su noticia que, el Tercio de aquella isla, y la Guardia civil que á las órdenes del 1.º teniente Sr. Romero había sido enviada de Manila, había emprendido su persecución; entonces se fraccionaron y dispersaron, concluyendo por abandonar la isla, embarcándose y marchando unos á Batangas y otros á Visayas; pero no sin caer en poder de los perseguidores 3 de los criminales.

Lo agreste y selvático del interior de la isla y la falta absoluta de caminos que la crucen en todos sentidos, han hecho dificultosísima la expedición llevada á cabo por toda la isla de Mindoro por el teniente Sr. Romero, expedición llevada que fue apoyada por el cañonero *Albay*, que costaba la isla, y en el que han llegado á Manila los expedicionarios.

sa pagdahas sa Cura upang ibigay sa canilang inimpoc na salape. Sa catapusay tiungo ang Nauhan naualang patid ang dugtong dugtong na pagnanacau; ngunit ang mga cuadrillero ng bayang ito ay naquipaglaban sa canila hangan sa mapiurong at maapula ang pagsunog ng tribunal paris ng canilang hangap. Nangagsuot sa bundoc ang mga tulisan, at doo,i, namalagui hangang sa mabalitaang ang Tercio nang pulong yaon at ang Guardia civil na pinamamahalaan ni Sr. Romero 1.º teniente na pinaparoong buhat sa Maynila, ay inuusig sa sila; sa bagay na ito ay nauasac at nagcauatac uatac na ang hanga,i, iaiuan ang pulo nagsipamaangcang tiungo ng iba ang batangan at ang iba nama,i, Visayas; ngunit, di ncaligtas sa nagsisiusig ang lima sa canila.

Ang casucalan at cagubat ng loob ng pulo gayon din at caculangang ng daan dapat pamulusan saan man tumungo ay siang naging mahigpit na hadlang sa pagusig na hinanap sa boong Mindoro, ni Sr. Romero, pagusig na tinutulungan ng cañonero *Albay*, na nagingilid sa pulo, at siya rin namang sinaquian ng nangag siusig na dumating dito sa Maynila.

## TORRECILLA Y C.<sup>a</sup>

ESCOLTA, 17.—MANILA

*Almacen de tejidos y novedades de Europa.*

Se reciben por todos los vapores las últimas novedades de París, en artículos para señoras y caballeros.

Agencia y depósito de la acreditada

*Perfumeria del mundo elegante.*

GRANTALLER DE CAMISERIA

17.—Escolta.—17

*Almacen ng sarisaring damit at ng bago,t, bagon, uso sa Europa.*

Tumatanggap sa lahat ng mga vapor ng mga bago,t bagong uso sa París na nauucol sa pananamit ng mga guinoong babae at guinoong lalaqui.

Pinagbibilhan at quinalalagyan ng bantog sa cagalingang

*Mga pabangô ng Mundo elegante.*

MALACUING TALLER NA GAUAAN NANG sarisaring mariquit na baro.

17.—Escolta.—17.

### CALENDARIONG TAGALOG

nang *La Lectura Popular*, para 1892.

Nagbibili cami sa Imprenta de Santa Cruz, Carriedo 20, at reregaluhan ang suscritor na magbabayad hangan Diciembre.

Huste ang mga santo, sapagca,t, marami ang quinuha sa *Martirologio Romano*, maraming verso, figura, hatol paquiquinabangan, mga tarifa etc. at ualang mali, na di caparis ng iba na oon sansan pinasoc ang daquilang mga pista.

Imp. de Santa Cruz, Carriedo 20.